# Mag-isip Tulad ng Isang Pastol

## WARM-UP:

1. Naglaro ka na ba ng Hide & Seek? Ikwento mo sa amin ang pinaka-memorable na naranasan mo.
2. Ibahagi ang isang bagay na kamakailan mong napagtantong nawawala. Nararapat bang hanapin iyon?
3. Ano ang isang bagay, bukod sa pagkain, tirahan, damit, at internet, ang hindi ka mabubuhay nang wala? Bakit sa palagay mo?

## WORD:

*1 Maraming maniningil ng buwis at iba pang mga itinuturing na makasalanan ang pumunta kay Jesus upang makinig sa kanya. 2 Kaya nagreklamo ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan. Sinabi nila, "Ang taong ito'y* ***tumatanggap ng mga makasalanan at kumakaing kasama nila****." 3 Kaya kinuwentuhan sila ni Jesus, 4 "Kung kayo ay may 100 tupa at nawala ang isa, ano ang gagawin ninyo? Hindi ba't iiwan ninyo ang 99 sa pastulan at* ***hahanapin ang nawawala*** *hanggang sa makita ninyo? 5 At kapag nakita na ninyo,* ***masaya ninyo itong papasanin pauwi****. 6 Pagkatapos, tatawagin ninyo ang inyong mga kaibigan at kapitbahay ninyo at sasabihin sa kanila, 'Makipagsaya kayo sa akin, dahil nakita ko na ang nawawala kong tupa.' " 7 At sinabi ni Jesus, "Ganoon din sa langit, masayang-masaya sila roon dahil sa isang makasalanang nagsisisi kaysa sa 99 na matuwid na hindi nangangailangang magsisi." -* ***Luke 15:1-7 (Ang Salita Ng Dios, ASND)***

Bilang mga taong sumusunod na ngayon kay Hesus, natatamasa natin ang pakikipagkapwa sa mga bagong kaibigan at kapamilya sa simbahan. Ang pagtanggap, pagiging kabilang, at malapit na ugnayan sa mga mananampalataya na may katulad na puso ay tunay na isang biyaya na ibinigay ng Diyos.

Sa tekstong ito, ibinahagi ni Hesus ang isang talinghaga tungkol sa isang tapat na pastol na iniwan ang siyamnapu't siyam para sa isang tupang nawala. Ipinakikita nito ang malaking kagalakan ng Diyos at ng kalangitan tuwing nagsisisi ang isang kaluluwa at bumalik Kanya.

Hinihikayat tayo nito upang hindi lamang makuntento sa pakikisama sa ibang mga mananampalataya kundi upang maging pastol sa pag-iisip kagaya ni Hesus. Ito rin ay nagpapaalala sa atin na ang ating pagtitipon ay may mas mataas na layunin kaysa sa ating sariling kapakanan lamang. Tayo ay nagsasama-sama upang mabuo at maipadala para sa mga hindi pa nakakikilala sa Diyos. Narito ang tatlong katotohanan na magbibigay inspirasyon sa atin na mag-isip at kumilos tulad ng tapat na mga pastol:

## 1. Alam ng mga pastol ang kahalagahan ng isang nawawalang tupa

*1 Maraming maniningil ng buwis at iba pang mga itinuturing na makasalanan ang pumunta kay Jesus upang makinig sa kanya. 2 Kaya nagreklamo ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan. Sinabi nila, "Ang taong ito'y* ***tumatanggap ng mga makasalanan at kumakaing kasama nila."*** - **Luke 15:1-2 ( ASND)**

Ang mga taong nawawala ay mahalaga sa Diyos. Ang Lucas 15 ay isang serye ng mga talinghaga tungkol sa nawawalang hinanap, natagpuan, at ipinagdiwang Ipinakita sa atin ni Hesus kung paano nauukol ang puso ng Diyos para sa lahat ng nawawalang tao at pagnanais na sila ay matagpuan (Basahin ang 1 Timoteo 2:3-6). Inaasahan sa mga pastol, sa kanilang kultura, na hindi kailanman mawawalan ng tupa. Sakaling may mawala, ang mga pastol ay kinakailangang hanapin ito buhay man, nasugatan, o patay. Kung kinakailangang kunin ang bahagi ng katawan nito sa bibig ng isa pang hayop ay gagawin nito. Ang puso ng Diyos ay tumitibok para sa mga nawawala. Nais Niyang makipag-ugnayan tayo sa Kanyang puso, tanggapin ang mga makasalanan, at tutulan ang kawalang pakialam sa kapwa.

*(Para sa lider: Ibahagi ang tungkol sa kung paano binabago ng Diyos ang iyong puso pagdating sa pagtingin sa mga taong naligaw at malayo sa Diyos.)*

## 2. Naghahanap at nahahanap ng mga pastol [ang nawawalang tupa] anuman ang mangyari

*4"Kung kayo ay may 100 tupa at nawala ang isa, ano ang gagawin ninyo? Hindi ba't iiwan ninyo ang siyam na pu't siyam sa pastulan at* ***hahanapin*** *ang nawawala hanggang sa makita ninyo? -* ***Luke 15:4 (ASND)***

Ang mga pastol noon ay may-ari o kamag-anak ng mga may-ari ng tupa. Gagawin ng mga tunay na pastol ang lahat para hanapin at iligtas ang mga nawawala. Kaparehong salaysay ang matutunghayan sa talinghaga ng Nawala at Natagpuang Salaping Pilak at Ang Nawawalang Anak. Ang pag-ibig ang nag-udyok sa isang babae upang mahanap ang nawawalang barya. Pagmamahal din ang nagtulak sa Ama na piniling maging matiyaga, maghintay araw-araw para sa pagbabalik ng Kanyang anak na naligaw ng landas. Ang Diyos ay isang nananabik na Tagapagligtas na humahabol sa mga makasalanan hanggang sa sila ay bumalik sa katinuan. (Para sa lider: Ano ang naging mabigat mong dahilan upang ibahagi ang gospel kahit gaano ito kahirap?)

## 3. Dinadala ng mga pastol ang tupa pauwi at ipinagdiriwang ang pagbabalik nito.

*5 At kapag nakita na ninyo, masaya ninyo itong papasanin pauwi. 6 Pagkatapos, tatawagin ninyo ang inyong mga kaibigan at kapitbahay ninyo at sasabihin sa kanila, 'Makipagsaya kayo sa akin, dahil nakita ko na ang nawawala kong tupa.' " 7 At sinabi ni Jesus, "Ganoon din sa langit, masayang-masaya sila roon dahil sa isang makasalanang nagsisisi kaysa sa 99 na matuwid na hindi nangangailangang magsisi." -* ***Luke 15:5-7 (ASND)***

Sinasabi sa atin ng kasaysayan na ang simbolo ng unang simbahan para sa Kristiyanismo ay hindi krus o isda kundi isang pastol na may dalang isang napakalaking tupa sa kanyang mga balikat. Inilalarawan ng maylikha nito ang bigat na dinala ng ating Dakilang Pastol para lamang maiuwi ang natagpuang tupa. Sinabi na walang iisang pamilya o tao ang magmamay ari ng isáng daán tupa ngunit posibleng ilang pamilya ang maaaring magmay ari nito. Kaya talagang nagdiriwang ang komunidad kapag nahanap ang nawawalang tupa. At ang pastol ang namumuno sa pagdiriwang na ito. Ang sinumang hindi nagagalak na may natagpuang nawawala ay hindi nauugnay sa mismong puso ng Diyos. Ito ang punto ng mga Talinghaga sa Lucas 15 – kagalakan ng langit na pagbawi ng nawala. Nawa'y lagi tayong nagagalak sa natagpuang nawawala!

*(Para sa lider: Paano mo karaniwang ipinagdiriwang ang mga taong nagpasya na sumunod kay Jesus dahil sa magandang balita?)*

## APLIKASYON:

- Alin sa tatlong pag-iisip ng pastol na ito ang gusto ninyong pagbutihin o palaguin?
- Pangalanan ang isang tao o dalawa na gusto mong maligtas at idisipulo sa ebanghelyo ni Cristo Jesus tulad mo.
- Paano ka pa mas makapagdiriwang kasama ang mga taong lumalapit kay Jesus at nag-aalay ng kanilang buhay upang sumunod sa Kanya?

## DASAL:

- Magpasalamat sa Diyos na ating Dakilang Pastol na naghanap at nakasumpong sa atin at nagdala sa atin mula sa kadiliman tungo sa Kanyang liwanag.
- Hilingin sa Diyos na likhain sa iyo ang hangaring maging katulad ng isang tapat na pastol – naghahanap ng mga nawawala, dinadala sila pauwi at ipinagdiriwang ang pagbabalik ng mga ito.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Banal na Espiritu ng tiwala at tapang na ibahagi ang ebanghelyo sa mga taong nilalapit niya sa iyo at lumakad kasama nila sa paglalakbay na ito ng pananampalataya kay Jesus.